



Mga Bakuna sa COVID-19

Pfizer-BioNTech, Moderna, AstraZeneca/COVISHIELD & Janssen (Johnson & Johnson)

Binago Marso 17, 2021

Mga panganib mula sa pagkakaroon ng COVID-19

Ang [COVID-19](#) ay isang impeksyon na dulot ng virus na pangunahing nakakaapekto sa mga baga. Puwedeng magkaimpeksyon ang mga tao sa lahat ng edad. Maaaring mas mataas ang panganib na magkaroon ng COVID-19 ang ilang mga tao dahil sa lugar na tinitirhan o pinagtatrabahuhan nila. Ang mga mas nakatatandang nasa hustong gulang at mga tao na may kondisyon sa kalusugan ay mas malamang na magkasakit nang malubha mula sa COVID-19.

Kahit sa hindi gaanong malubhang sakit, maaaring magkaroon ang ilang mga tao ng mga sintomas kahit ilang buwan na ang lumipas matapos mawala ang impeksyon. Ang impeksyon ng COVID-19 ay puwedeng magdulot ng pinsala sa mga baga, puso o utak. Maaaring kabilang sa mga pangmatagalang sintomas ang pagkapagod, pangangapos ng hininga, kahirapang ituon ang isip, mga pananakit ng kalamnan, at iba pang mga sintomas.

Habang ang coronavirus na sanhi ng COVID-19 ay patuloy na nagbabago para maging mga bagong variant, puwede nitong mas madaling maikalat ang impeksyon, at magdulot ng mas malubhang karamdaman. Iba't ibang variant na ngayon ang umiikot sa Ontario. Poprotektahan ka ng mga hakbang ng pampublikong kalusugan, gaya ng physical distancing, at mga bakuna laban sa mga variant na ito.

Paano Gumagana ang mga Bakuna

Ang mga bakuna sa COVID-19 ay nagbibigay sa ating katawan ng mga instruksiyon na palakasin ang ating immune system para gumawa ng mga antibody na poprotekta sa atin mula sa impeksyon ng COVID-19. Ginagamit ang mga bakuna sa COVID-19 para sa mga indibidwal na edad 16 hanggang 18 taong gulang at mas matanda, kabilang ang matatanda. Tatlo sa mga bakuna na aprubadong gamitin sa Canada ay nangangailangan ng dalawang dosis. Ang bakuna na Janssen (*Johnson & Johnson*) ay nangangailangan lang ng isang dosis. Ang bakuna ay hindi naglalaman ng virus na sanhi ng COVID-19, kaya hindi ito magbibigay sa atin ng impeksyon.

Mga Benepisyo ng Bakuna

Lahat ng bakuna sa COVID-19 ay naipakita nang pumoprotekta sa mga tao laban sa malubhang karamdaman mula sa COVID-19. Magtatagal nang dalawang linggo matapos ang pagbabakuna para makagawa ang ating katawan ng mabuting tugon ng immune system. Lahat ng bakuna ay ligtas para sa mga tao na may mga kondisyon sa kalusugan gaya ng mga problema sa puso o baga, diabetes o mataas na presyon ng dugo. Ligtas din ang bakuna para sa mga tao na may auto-immune na kondisyon, o huminang imyunidad mula sa karamdaman o paggamot, ngunit maaaring hindi gumana ang bakuna nang kasing-husay sa mga tao na may mga ganitong kondisyon.



Mga Bakuna sa COVID-19 Pfizer-BioNTech, Moderna, AstraZeneca/COVISHIELD &

May maliit na posibilidad na makakakuha ka pa rin ng COVID-19 matapos ang pagbabakuna. Sa ngayon, walang impormasyon kung gaano katagal ang proteksiyon ng bakuna. Maaaring irekomenda ang booster dose sa hinaharap.

Mga sangkap ng bakuna / mga allergy

Naglalaman ang mga bakuna ng mga lipid, asin, asukal at mga buffer. Hindi naglalaman ang bakuna ng mga itlog, gelatin, latex, mga preservative, antibiotic, o aluminum. Bihira ang mga allergy sa mga bakuna sa COVID-19. Ang mga bakuna ay ligtas, kahit na mayroon kang mga allergy sa pagkain, gamot o kapaligiran. Kausapin muna ang iyong doktor kung mayroon kang malubhang mga allergy sa polyethylene glycol, tromethamine o polysorbate.

Mga Side Effect at Panganib

Humigit-kumulang isa sa bawat 10 tao na nabakunahan ay maaaring magkaroon ng mga side effect – karamihan ay banayad hanggang katamtaman, at mawawala sa loob ng ilang araw. Kabilang sa mga karaniwang side effect ang pamumula, pananakit, pangangati o pamamaga sa lugar na tinurukan, lagnat, sakit ng ulo, pakiramdam na pagod, mga pananakit ng kalamnan, pananakit ng kasu-kasuan, pangangatog, pagduruwal at/o pagsusuka.

Ang mga side effect ay kadalasang nagtatagal nang isa hanggang tatlong araw, at kadalasang nangangahulugan na ang ating katawan ay gumagawa ng immune response sa bakuna. Sa mga bihirang kaso, puwedeng mangyari ang mga malubhang allergic na reaksiyon (anaphylaxis). Ang mga allergic na reaksiyon ay puwedeng gamutin at kadalasang pansamantala. Humingi ng medikal na atensyon kung nahihirapan kang huminga, o magkaroon ng mga pantal o pamamaga sa mukha at lalamunan. Kung mayroon kang reaksiyon sa bakuna, sabihin sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan at ire-report nila ang mga sintomas sa pampublikong kalusugan. Sinusubaybayan ng pampublikong kalusugan ang mga nare-report na side effect para tiyakin na patuloy na ligtas ang bakuna.

Antalain ang pagbabakuna

Kung mayroon kang lagnat o mga sintomas ng COVID-19, maghintay hanggang mas mabuti na ang pakiramdam mo bago ka magpabakuna. Hindi rin dapat ibigay ang mga bakuna sa COVID-19 kasabay ng iba pang mga bakuna. Kung katatanggap mo lang ng isa pang bakuna, maghintay nang 14 na araw bago kunin ang bakuna sa COVID-19.

Kumunsulta sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan

Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan o allergist bago mo kunin ang bakuna kung:

- ikaw ay buntis, maaaring buntis o nagpapasuso;

- mayroon kang auto-immune na kondisyon; o mahinang imyunidad dahil sa karamdaman o paggamot;
- nagkaroon ka ng allergic na reaksiyon sa loob ng apat na oras matapos matanggap ang iyong unang dosis ng bakuna sa COVID-19; o
- mayroon kang mga malubhang allergy sa anumang sangkap ng bakuna.

Patuloy na protektahan ang iyong sarili at ang iba

Hanggang mayroon nang sapat na bakuna para sa lahat na gustong magpabakuna, mahalagang ipagpatuloy ang physical distancing, pagsusuot ng mask, at pananatili sa bahay kung maysakit ka. Ang mga nagtatrabaho at tauhan sa pangangalagang pangkalusugan ay kailangang magsuot ng personal protective equipmeny (PPE), kahit pagkatapos ng pagbabakuna.

Para sa karagdagang impormasyon

Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusuggan o bisitahin ang aming website sa toronto.ca/COVID19.

Mga sanggunian

Pambansang Tagapayong Komite sa Imyunisasyon (National Advisory Committee on Immunization). *Mga rekomendasyon sa paggamit ng mga Bakuna sa COVID-19*. Marso 16, 2021. Makikita sa <https://www.canada.ca/en/public-health/services/immunization/national-advisory-committee-on-immunization-naci/recommendations-use-covid-19-vaccines.html>